| Aralin 8 | الدرس الثامن |
|---|---|

# Ang Katangian ng Paraiso

Ang Paraiso ay ang tahanan ng buhay na walang hang-gan at ang pagpaparangal para sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Doon ay mayroong kaginhawahang wala pang matang nakakita, wala pang tainga na nakarinig, at hindi pa sumagi sa isip ng tao. Sinabi ni Allah (32:17): **Hindi nalalaman ng isang kaluluwa ang itinago para sa kanila na lugod ng mga mata bilang ganti sa anumang gina-gawa nila noon.**

Ang Paraiso ay binubuo ng mga antas na magkakaiba ang mga kalagayan ng mga mananampalataya roon ayon sa mga nagawa nila sa mundo. Nagsabi si Allah (58:11): **tataasan ni Allah ng mga antas ang mga sumampalataya na kabilang sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman.**

Makakain at maiinom nila roon ang minimithi ng mga sarili nila. Doon ay may mga ilog ng tubig na di-nababago ang lasa at amoy, mga ilog ng gatas na hindi nagbabago ang lasa, may mga ilog ng dinalisay na pulut-pukyutan, at mga ilog ng alak na masarap para sa mga umiinom. Ang alak nila ay hindi katulad ng alak dito sa lupa. Nagsabi si Allah (37:45-47): **Magpapaikot sa kanila ng kopa ng dalisay na alak: maputi, masarap para sa mga umi-inom. Walang taglay ito na kapinsalaan at hindi sila, mula rito, malalasing.**

Doon ay mag-aasawa sila ng mga magagandang dilag. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Kung may isang babaeng mula sa Paraiso na susulyap sa mga naninirahan sa lupa, tala-gang paliliwanagin niya ang anumang nasa pagitan ng dalawa – ang langit at lupa – at talagang pupunuin niya ito ng mabangong halimuyak.***

Ang pinakamalaking kaligayahan ng mga maninirahan sa Paraiso ay ang mapagmasdan si Allah. Ang mga mani-nirahan sa Paraiso ay hindi iihi, hindi dudumi, hindi sisi-punin, at hindi dudura. Ang mga suklay nila ay ginto at ang mga pawis nila ay *musk*. Ang kaligayahan nilang ito ay mamamalagi, hindi titigil at hindi mababawasan. Nag-sabi ang Sugo (SAS): ***Ang sinumang papasok sa Paraiso ay pagiginhawahin, hindi na maghihirap at hindi na susubukin. Ang pinakakaunti ang bahagi sa mga mani-nirahan sa Paraiso – at siya ang kahuli-hulihang lalabas sa Impiyerno at papasok sa Paraiso – ay mainam kaysa sa buong mundo nang makasampung ulit.***[1]

[1] Ang nagsalin ng aklat na ito ay walang pananagutan sa nilalaman ng aklat na ito.